

**Pagpasok sa Kaharian  
ng Diyos****WARM-UP**

- Ano ang gusto mong ginagawa kapag mayroon kang bakanteng oras? Bakit ito ang gusto mong gawin?
- Hinahangad mo bang maging bahagi ng isang eksklusibong samahan o grupo? Bakit?
- Sino ang hinahangaan mo? Ano ang hinahangaan mo sa kanya?

**WORD**

*“Pumasok kayo sa makipot na pintuan, dahil maluwang ang pintuan at malapad ang daan patungo sa kapahamakan, at marami ang pumapasok doon.”*

**MATEO 7:13**

(Basahin din ang **MATEO 7:14-23.**)

Noong mga panahong iyon, dahil sa batas ni Moises at sa mga propesiya na naipasa, alam na ng mga nakikinig kay Jesus ang tungkol sa paparating na kaharian. Sa pahayag na ito, binalaan ni Jesus ang Kanyang mga disipulo na ang daan patungo sa kaharian ng Diyos ay may makipot na pintuan na mahirap matagpuan at mahirap tahakin. Ibinahagi ni Jesus ang tatlong imahe na magpapaliwanag sa kaharian ng Diyos: ang makipot na pintuan, ang mabungang puno, at ang tunay na disipulo.

## 1 Ang Makipot na Pintuan

*“Ngunit makipot ang pintuan at mahirap ang daan patungo sa buhay na walang hanggan, at kakaunti lang ang dumadaan dito.” MATEO 7:14*

Ang unang hakbang patungo sa kaharian ng Diyos ay ang pumasok sa *makipot na pintuan*. Mas marami ang gustong dumaan sa *maluwang na pintuan*, dahil mas madali ito mahanap at daanan. Subalit, ito ay *patungo sa kapahamakan*. Sa kabilang banda, ang daan patungo sa kaharian ng Diyos ay parehong *makipot at mahirap daanan*, subalit patungo ito sa *buhay na walang hanggan*. Dapat na naiiba ang ating pamumuhay. Paano nagbago ang paraan mo ng pamumuhay matapos mong isuko ang buhay mo kay Cristo?

---

---

## 2 Ang Mabuting Puno

*“Ang mabuting puno ay namumunga ng mabuting bunga, at ang masamang puno ay namumunga ng masama.” MATEO 7:17*

Sinabihan ni Jesus ang Kanyang mga disipulo na mag-ingat sa mga taong nagsasabing sila ay mga propeta. Dapat nilang kilalanin ang mga ito sa pamamagitan ng kanilang bunga. Ang tunay na propeta at tagasunod ni Cristo ay tulad ng isang *mabuting puno* na may *mabuting bunga*. Subalit ang huwad na propeta ay isang *masamang puno* na may *masamang bunga*. Ang puno ay nagkakaroon ng mabuting bunga habang tinatanggap nito ang sustansiya na mula sa araw, lupa, at tubig. Hindi ito maaaring pagbaliktarin. Ayon sa Juan 15:4, bilang mga Kristiyano, paano tayo magkakaroon ng mabuting bunga?

---

---

### 3 Ang mga Tunay na Disipulo

*“Marami ang tumatawag sa akin ng ‘Panginoon’, pero hindi ito nangangahulugan na makakapasok sila sa kaharian ng langit. Ang mga tao lang na sumusunod sa kalooban ng aking Amang nasa langit ang mapapabilang sa kanyang kaharian.”*

**MATEO 7:21**

Ibinihagi ni Jesus ang pagkakaiba ng mga naninilbihan sa kasamaan at sa mga tunay Niyang mga disipulo. Ang mga naninilbihan sa kasamaan ay maaaring magmukha at magsalita gaya ng Kanyang mga disipulo, subalit ang Diyos ay hindi Panginoon ng kanilang mga buhay, at hindi nila ginagawa ang Kanyang kagustuhan. Bilang mga Kristiyano, ang ating salita at kilos ay may maliit na halaga kung hindi natin gagawin ang kagustuhan ng Diyos sa ating mga buhay. Ang tunay na disipulo ay iyong gumagawa ng kagustuhan ng Ama. Ayon sa Mga Taga-Roma 12:2, paano natin malalaman ang kagustuhan ng ating Ama?

---

---

### APPLICATION

- Isinuko mo na ba ang buhay mo sa Pagkapanginoon ni Cristo, at hinahangad ang kalooban at kagustuhan Niya? Gusto mo bang isuko ang buhay mo sa Kanya? Paano mo Siya magagawang hangarin araw-araw?
- Ano ang isang bagay na babaguhin mo upang lumago ang ugnayan mo sa Diyos? Sa iyong palagay, paano mo magagawang maging mabunga?
- Masigasig mo bang hinahangad ang kagustuhan ng Diyos sa buhay mo? Maglaan ng oras upang pagnilay-nilayan ang Kasulatan ngayong linggo habang hinahangad mong gawin ang kagustuhan ng Diyos.

## PRAYER

- Ipanalangin na mas ipakita ng Diyos ang sarili Niya sa iyo, at bigyan ka ng tiyaga upang mamuhay tungo sa Kanyang kaharian.
- Humingi ng karunungan at kakayahan habang nananatili at sumusunod ka sa Kanya. Ipanalangin na makilala mo ang mga tunay na guro at propeta sa pamamagitan ng kanilang bunga, at hindi ng kanilang mga salita.
- Ipanalangin na habang nabubuhay ka kasama ang Diyos araw-araw, matutulungan mo rin ang iba na sumunod sa Kanya at na magkaroon ka ng mga pagkakataon upang maibahagi ang ebanghelyo sa mga kapamilya at kaibigan mo.

## NOTES

---

---

---

---

---

---

---



**VICTORY**

© 2017 by VICTORY®  
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®  
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa  
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph